

**LITURHIYA SA PAGDIRIWANG NG
MIYERKULES NG ABO
(Pebrero 14, 2018)**

Pagninilay sa Tugtugin ng Organ/Gitara

Pagbubukas ng Banal na Kasulatan at Pagsisindi ng Kandila

Salita ng Pagninilay

“Ngayon ang pasimula ng Panahon ng Kuwaresma, ang pagdirwang ng Kuwaresma ay isang Banal na Pagdirwang sapagkat ito ay nangangailangan sa atin na ating bigyang pansin ang ating buhay, hindi sa makasariling pananaw kundi sa pananaw na ipinahayag ng Diyos sa atin, ang buhay na nakaugnay sa Kanya; buhay na nakaugnay sa ating kapwa at sa sangnilikha. Halina at tayo ay sama-samang maglakbay kasama ni Hesus sa pangunguna ng Espiritu Santo at suriin ang ating buhay na kabahagi ng malawak na pamayanan”

+ Awit ng Pagninilay

“Ngayon nga ang Panahon” MASP 82

*Ngayon nga ang panahon paglapit sa Pangino 'n
Nang tamuhin mo ngayon pag-irog Niya 't pag-ampon
(Koro) Ngayon na (2x) kay Hesus lumapit ka
Ngayon na (2x) ngayon di 'y lumapit ka
Kay Hesus ihandog mo kahirapang tinamo
Lalaspang ang puso mo ng ligaya Kay Kristo (koro)
Magtapat ka sa Kanya ng nagawa Mong sala
Nang tawad magtamo ka at maligtas sa dusa (koro)
Tatakas ang panahon lumapit ka na ngayon
Mukha mo 'y wag ilingon iharap sa Panginpn (koro)*

+ Panalangin (Mula sa Isang Presbitero)

Pagninilay sa Banal na Kasulatan

Unang Pagbasa (Tugunan)

Awit 51:1-17

Tugong Awit

“O Bukal ng Pagpapala” MASP 3

*O Bukal ng pagpapala, awit Mo ay itugma,
Daloy ng maraming awa, awit kang masagana
Turuan akong umawit ng awit diyan sa langit
Sa bundok ako 'y itindig, bundok ng 'Yong pag-ibig*

*Tulong Mo 'y dito nakamtan pala Mo 'y ibinigay
Ikaw aking aasahan hanggang kabilang buhay
Si Hesus ako 'y hinanap nang ako 'y maglalaglag
Upang ako ay iligtas dugo Niya 'y ibinayad*

*Sa awa Mo't kabutihan, buhay ko'y aking utang
Hakbang ko'y 'Yong pangunahan at ng di na maligaw
Ang abang puso kong handog marapatin Mo o Dios
Tatakan mo ng pag-irog tandang ako'y kay Jesus*

Ikalawang Pagbasa
+GLORIA PATRI
+ Ebanghelyo
Tugong Awit

Joel 2:1-2,12-17; 2 Corinto 5:20b-6:10

Mateo 6:1-6,16-21

“Ang Sabing Matamis” MASP 37

*O muli ninyong iawit ang sabing matamis
Ng ang twa ko'y masisilip doo't mababatid
Buhay at pag-ibig, pala at tangkilik
Anong dikit anong dikit ng sabing matamis (2x)*

*Si Jesus ang naggagawad ng sabing masarap
Sa tinig N'ya'y makimatyag ganito ang saad
Sa habag Ko'y ligtas langit ang tumawag
Anong galak, anong galak ng sabing masarap (2X)
O kay tamis ng agaw-aw ng wika ng buhay
Patawad ibinigay ng wika ng buhay
Si Jesus nga lamang ang dumadalisay
O salitang malinamnam na wika ng buhay (2x)*

ANG MENSAHE NG PANAHEON

ANG RITWAL NG PAGPAPAHID NG ABO

Pastor: Ngayon, tayo ay inaanyayahan upang buong puso na magsisi sa ating mga kahinaan at kasalanan. Ang Diyos ay Banal kaya naman tayo ay tinatawagan upang maging Banal. Ang kabanalang ito ay maari lamang natin na matagpuan sa biyaya at habag na ipinagkakaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo.

Kapulungan: *Ang Kabanalan ng Diyos ay nakaugat sa pag-ibig natin sa ating kapwa at sa buong sangnilikha. Ang kabanalan na natagpuan natin sa Kanyang pagkalikha sa Sandaigdigan sapagkat ang mabuting ugnayan ng bawat isa ay inilagay ng Diyos sa simula pa ngunit sa kasalanan, tayo ay nabulag at unti-unting ipinahamak ang bawat isa para sa ating makasariling hangarin, ngayon kami ay humihiling ng kapatawaran*

Pastor: Nilikha tayo sa alabok at babalik tayo sa alabok, wala tayong dinala sa daigdig na ito, wala din tayong dadalhin sa pag-alis sa daigdig na ito, ang ating kahinaan ay mula sa ating pagnanais na unahin ang sarili bago ang iba ngunit hindi ito ang ginawa ni Hesus, inuna muna niya ang Kanyang kapwa alang-alang sa pag-ibig Niya sa ating Diyos na Magulang. Sa pagkakataong ito ay tayong lahat ay inaanyayahan na magbalik loob sa Diyos at muling pagtibayin ang kapakumbabaan natin sa Kabanalan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahid ng mga abo tanda ng pagpapakumbaba at pagsisisi ating mga kahinaan.

(Inaanyayahang humanay sa unahan ang nais na magpapahid ng abo)

Pastor: Pakinggan natin ang mga salita ng Katiyakan, “Nalalaman natin na naparito si Kristo upang pawiin ang ating mga kasalanan sapagkat si Kristo ay walang kasalanan, ang nanantili sa Kanya ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala (1 Juan 3:5-6a)” Mga Kapatid tanggapin natin ang Mabuting Balita ng ating Panginoong Hesu-Kristo

Kapulungan: *Kay Hesu-Kristo, tayo nga ay pinatawad, amen*

+ **Awit ng Pagtatalaga**

“Kung Kasama ang Diyos” (Trust and Obey)

Kung kasama ang Diyos sa Iyong pag, liligaya ka at uunlad

Magtiwalang lagi at di ka iiwan, sasamahan ka Niya sa daan

Koro: ang nais Niya ang ating susundin, ganito ang tungkulin, na ating gagawin

Magtapat ka lamang, hindi ka daranas hindi ka tatakpan ng ulap, ang takot at hirap, di mo

malalasp lalayo sa 'yo at iiwas (koro)

Ang pag-ibig ng Diyos ating malalaman kung kasama lagi sa buhay pagkat ang pag-ibi na sa

ati;y alay sa umiibig nalaan (koro)

Maligayang lagi sama-samang tunay lalakad na may kagalakan, kung anong nais Niya di tayo

susuway may galak natin Siyang susundan (Koro)

+ **Panalangin at Bendisyon (Pastor)**

+ **Tugong Awit** **TATLONG AMEN**

Pagninilay: Ash Wednesday Genesis 3:19

Panimula:

Ano nga ba ang Ash Wednesday? Ito ay isang Christian holiday (holy day) na hindi ipinag-utos ng banal na kasulatan (kagaya ng Pasko at Pasko ng Pagkabuhay). Magkagayunman, ipinagdiriwang ito ng mga Kristyano mahigit sampung dantaon na sa unang araw ng pagsisimula ng Kuwaresma (anim na linggong paghahanda para sa Pasko ng Pagkabuhay – Easter). Sa mga nauunang isandaang taon, ang mga Kristyanong nasasadlak sa mga pagkakasala ay sinasabuyan ng abo sa kanilang mga katawan bilang tanda ng pagsisisi, gaya ni Job na nagsisisi “sa alikabok at abo” (Job 42:6). Noong mga ika-sampung dantaon (tenth century), ang mga mananampalataya ay nagpahayag ng kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng paglalagay ng abo sa kanilang noo sa hugis ng krus.

(Notice: even this sign of sinfulness hinted at the good news yet to come through its shape. Ash Wednesday is not some dour, depressing holy day because it symbolically anticipates Good Friday and Easter.) – Mark D. Roberts

Paano Ipinagdiriwang ang Ash Wednesday?

Sa kasalukuyan, iba't-iba ang anyo at paraan ng pagdiriwang ng mga iglesiang kinikilala ito. Ang lundo ng pagdiriwang ng UCCP - Magill Memorial Church ay ang paglalagay ng abo sa noo ng mga nananambahan bilang paalaala na tayo ay may hangganan at makasalanan. Ang naglalagay ng tanda ay bumabanggit ng mga salitang sinabi noon ng Diyos kay Adan matapos siyang magkasala, “Ikaw ay mula sa alabok at sa alabok ka rin magbabalik” (Genesis 3:19). Ito ay masamang balita ng ating pagkamakasalanan na naghahanda sa atin upang tanggapin ang mabuting balita ng pagpapatawad ni Kristo.

Bakit Ipinagdiriwang ang Ash Wednesday?

Walang kautusang biblikal ang nagtatakda sa atin na ipagdiwang ang Ash Wednesday. Magkagayunman, naniniwala ako na na may kalayaan tayo bilang Kristyano na ganapin o di ganapin ang pagdiriwang na ito. Ang buod ng teolohiya ng Ash Wednesday ay nahubog sa “biblical theology” ng paglikha, kasalanan, hangganan ng buhay, kamatayan, biyaya at kaligtasan. Isinasakatuparan nito ang isinasaad ng banal na kasulatan na “makitangis sa mga tumatangis” at “magpahayag ng mga kasalanan sa isa't-isa.”

Ang pagdiriwang ng Ash Wednesday ay isang pagkakataon sa atin na ipahayag sa publiko ang ating kahinaan at kasalanan. Sa mundo na inaasahan tayong perpekto, ang araw na ito ay nagbibigay sa ating ng panahong aminin ang ating mga kakulangan at pagkukulang.

(“ We can let down our pretenses and be truly honest with each other about who we are. We all bear the mark of sin, from the youngest babies to the oldest seniors. We all stand guilty before a holy God. We all are mortal and will someday experience bodily death. Thus we all need a Savior.”)

Paano Pinayayabong Ng Ash Wednesday Ang Ating Mga Buhay at Pakikipag-ugnayan sa Diyos

Marami sa ating panahon ang takot pag-usapan ang kamatayan, kung may pagkakataon naman ay gumagamit tayo ng mga pananalitang umiiwas sa masakit na katotohanan. Ayaw nating isipin ang sariling kamatayan at gumagawa tayo ng mga bagay na kunwari hindi ito darating. Kinukulayan natin ang ating mga puting buhok, itinatago ang mga wrinkles at freckles ng make up, may nagpapacosmetic surgery upang bumata. Madalang pa sa patak ng ulan na isipin ang sariling kamatayan subalit mayroon namng iba na naghahanda para sa kanilang memorial services.

“ Ash Wednesday is a day to stare death in the face, to acknowledge our mortality. All of us will die. Christians who observe this holiday get ashes “imposed” on their foreheads, while a minister or lay church worker says, “You have come from dust, and to dust you will return.” In other words, “You are going to die. And here are some ashes to remind you, just in case you’ve forgotten.” “

Ano ang nagbibigay sa atin ng kalayaan upang isipin ang kamatayan? Sira ulo ba tayong mga Kristyano? Mayroon ba tayong kakaibang pagkahumaling sa namamatay? I don’t think so. Sa halip, ang nagpapahintulot sa atin upang harapin ang kamatayan ay ang kasiguruhan ng buhay, tunay na buhay, buhay na walang hanggan. Kung batid natin na ang ating buhay ay ligtas sa kamay ng Diyos, at ang pisikal na buhay ay pasimula lamang ng walang hanggan, tayo ay may kalayaang harapin ang darating na bukas. Haharapin natin ang kamatayan ng walang takot o pagkukunwari, sapagka’t kilala natin ang “the One” na lumupig sa kamatayan.

At sa gayon para sa Kristyano ang Ash Wednesday. Maari nating harapin ang kamatayan. Matatanggap natin ang ating “mortality,” kaya nating pag-usapan ang limitasyon ng buhay. Bakit ? Dahil alam natin na sa pamamagitan ni Kristo pumasok tayo sa buhay na walang hanggan, ang kaganapan ng buhay na hindi natatapos kapag bumigay na ang katawang lupa.

Ang pandamdaming dulot ng “Ash Wednesday observance” ay hindi depresyon o kalungkutan bagkus pasasalamat at panibagong enerhiya para sa buhay. Kapag napagtanto natin kung gaano kadesperadong kailangan natin ang Diyos at kung gaano higit ang katapatan Niya kasya sa ating desperasyon, hindi natin maiiwasang ihandog ang ating mga buhay dahil sa pasasalamat sa Kanya. Kapag natanggap natin na ang buhay ay may hangganan, mararanasan natin ang katuwaan ng bawat regalo ng buhay sa araw-araw,” and to take none of them for granted.”

Nagpapasalamat tayo sa biyaya ng Diyos na nagpahintulot sa ating tumitig sa mukha ng kamatayan upang mamuhay na may pagmamahal at katuwaan. At gaano tayo mapagpasamat para sa araw na hinayaan tayong pagbulayan ang kamatayan upang pahalagahan ng higit pa ang buhay na ibinigay sa atin ng Diyos.

+++++

Ang Naghanda ng Liturhiya at ng Mensahe ay si Rev. Marlou Abel D. Rama, kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Lutucan, Brgy. Lutucan, Sariaya, Quezon at kaanib ng Liturgy and Music Committee ng STC

LINGGO NG PALASPAS

(Marso 25, 2018)

PAGHAHANDA (Manahimik ang lahat at hayaan ang Banal na Espiritu na kumilos sa bawat isa sa pamamagitan ng Pambungan na Tugtugin)

Panimulang Kaisipan

“Jesus triumphantly dared to enter Jerusalem with a willingness to obey God and the people recognized Him as King, bringing about a reign of Peace. He came again in secrecy to celebrate the Passover sacrifice. The objective of both entries was to establish God’s kingdom. Only we, who know the significance of suffering can understand his full purpose and be a part of its fulfillment”

+PROSESYUNAL: “Purihin ang Panginoon” HFJ# 14

(Habang ang mga palaspas ay iwinawagayway)

Refrain: Purihin ang Panginoon, umawit ng kagalakan, at tugtugin ang gitara at ang kaaya-ayang lira, hipan ninyo ang trompeta

1. Sa ating pagkabagabag, sa Diyos tayo’y tumawag; sa ating manga kaaway tayo ay Kanyang iniligtas (Refrain)
2. Ang pasaning mabigat, sa ating manga balikat, pinagaan ng lubusan ng Diyos na tagapagligtas. (Refrain)
3. Kaya’t Panginoon’y dinggin, ang landas Niya’y tahakin, habambuhay ay purihin, kagandahang loob n’ya sa atin. (Refrain)

+TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot: Magpuri ang lahat at masdan ang Emmanuel, “Ang Diyos ay kasama natin”

Kapulungan: Masdan ang ating hari na dumarating sakay ng isang asno. Ang tagapamahala na ninais ang maging huli kasya una

Patnugot: Si Cristo ay nasa sa atin.

LAHAT: SI CRISTO AY NASA KALAGITNAAN NATIN

+IMBOKASYON (Lahat)

Diyos na may walang hanggang kapangyarihan, pinupuri Ka namin dahil kay Jesu-Cristo, na dumating sa amin sakay sa isang asno papasok ng Jerusalem na dala ang pamatok at ang kapayapaan. Pinupuri Ka namin sa Kanyang pagtatagumpay sa pamamagitan ng pag-ibig at hindi ng karahasan. Tulungan Mo kaming matutunan ang kahulugan ng kapangyarihan at kaluwalhatian sa pamamagitan ni Cristo na nakipagkaisa sa Iyo, inihayag ang sarili bilang isang lingkod at nakibahagi sa aming paghihirap bilang tao. Nawa kami’y buong pusong makipamayan sa buhay at pagpupunyagi, sa kagalakan at sa kaluwalhatian. Sapagkat ikaw ay dakila at karapatdapat na dakilain ang Iyong Banal na Pangalan. Sa pagpasok namin sa Mahal na Araw at pagtitipon sa dambanang dalanginan, ituon Mo ang aming mga puso sa Jerusalem, sa buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo. Kami na nagkakaisa kay Cristo at sa lahat ng kapwa mananampalataya, ay makapasok nawa sa banal na lunsod na hindi gawa ng kamay ng tao kundi sa bagong Jerusalem, walang hanggan sa kalangitan. Na kung saan Kayo, ang Banal na Espiritu at si Cristo ay walang hanggang dinadakila. Amen

PANALANGIN NG PAGSISISI

Pantugot: Diyos ng kabanalan, sa aaming pagsisiyasat ng aming mga sarili, napagto namin na kami ay mahina. Ang aming pagmamataas ay nagduduloty sa amin na malimot ang Iyong pag-ibig.

KABABAIHAN: Nagsasalita kami tungkol sa pag-ibig ngunit di namin iniibig ang aming kapwa na ang kanilang buhay at pag-iisip ay kaiba sa amin.

KALALAKIHAN: Nagsasalita kami tungkol sa pananampalataya ngunit ang katotohanan ay patuloy kamingnaghahanap ng seguridad sa mga materyal na bagay, kapangyarihan at katanyagan.

KABATAAN: Nagsasalita kami tungkol sa kasamaan sa aming sistema ng lipunan at sa kasalanan ng iba, na hindi namin nakikita ang sariling kasamaan sa aming pamumuhay.

LAHAT: NANGANGARAL KAMI TUNGKOL SA PAGHIHIRAP NG AMING KAPWA, SA KAWALANG KATARUNGAN NG LIPUNAN, SA KAHINAAN NG AMING BANSA AT NG MGA NAMUMUNO. MABILIS KAMING MANGATUWIRAN SA AMING MGA KAHINAAN AT KUNG BAKIT HINDI KAMI MAKAPAGTAGUMPAY SA LAHAT NG KAHINAANG ITO. AMING DIYOS, KAAWAN MO KAMI. PATAWARIN MO KAMI AT BIGYAN MO KAMI NG KALAKASAN SA AMING MGA BUHAY UPANG MAKAPAMUHAY AYON SA IYONG KALOOBAN. AMEN

SANDALING KATAHIMIKAN

ANG KATIYAKAN NG KAPATAWARAN (Pastor)

Wala nang makapaghihiwalay sa atin at sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Ang Diyos ay hindi natalo sa ating mga kahinaan at sa kawalang pananalig. Tanggapin niyo ang biyaya ng at pagpapala ng Diyos na palaging inaalok sa inyo. Ang inyong mga kasalanan ay napatawad na. Pasalamatang Panginoon. Amen

Tugong Awit: “Sa Pag-Ibig ng Diyos” MASP# 252

Sa Pag-ibig ng Diyos, kanyang ibinigay, bugtong Niyang Anak sa krus ay namatay, muli Siyang babalik, laking kagalakan dahil sa pagmamahal

PAGBABATIAN NG KAPAYAPAN

BALITA AT MALASAKIT NG IGLESYA

PANALANGING PASTORAL

Tugong Awit: Ang Daing Namin

+PAGBASA NG BANAL NA KASULATAN

+Tugong Awit: “Ang Salita ng Diyos”

Ang Salita ng Diyos ay may tinig, lunas sa kalul’wang may hapis
Kung nanlulupaypay sa pagtangis, may bubugsong sigla ang langit

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

KATAHIMIKAN SA PAGNINILAY

TAWAG SA PAGKAKALOOB

Patnugot: Ang katiwala ay dapat maging tapat sa kanyang Panginoon (I Cor. 4:2)

PAGLIKOM SA MGA KALOOB (Mga Diakono)

+DOXOLOGIA

+PANALANGIN UKOL SA MGA KALOOB (Patnugot)

+AWIT NG PAGTATALAGA: “O Dios Naming Ama” MASP 172

O Dios naming Ama laging tapat ka Hindi nagbabago sa twi-twina
Namamalagi ang awa't pagsinta Ang katapatan mo'y walang hangga
***KORO**

Tunay kang matapat(2x) Araw-araw aking namamalas
Ang nasa ko ay aking natatanggap Tunay kang matapat hanggang wakas

Tag-ani, tag-ulan at sa tag-araw B'wan araw at bituin kumikinang
Nag-aawitan na may kasayahan Katapatan mo O Dios ay tunay*

Kapatawaran at kapayapaan Manga pangako mong umaakbay
Ang pag-asa't lakas ay sumisilang Ang lahat ng ito'y kalo'b lamang*

+PANALANGIN NG PAGTATALAGA (Pastor)

+PAGPAPALA AT BENDISYON (Pastor)

Tugong Awit: “Ang Diyos ay Sumaatin T'wina”

Ang Diyos ay sumaatin twina hanggang sa muling pagkikita, taglayin Mo ang lingap Niya ang
lakbayin Mo'y giginhawa, Sa muli nating pakikita sa paanan si Jesus, sa muli nating pagkikita,
patnubayan ka nawa ng Diyos.

RESESYUNAL

ANG MATAGUMPAY NA PAGPASOK SA JERUSALEM

Zacarias 9:9-10; Juan 12:12-19

Mga Kapatid isang mapagpala, mabiyaya, at matagumpay na Linggo ng Palaspas. Maraming salamat po at naririto yayo ngayon upang sama-samang ipagdiwang ang Matagumpay na Pagpasok ng ating Panginoong Hesus sa Jerusalem. Pakitapik po sa ating katabi at pakisabi salamat at naririto ka kapatid.

Tayo po ay sandaling manalangin: “O Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa araw na ito ay aming ipinagpapasalamat ang aming pananambahan sa pagdiriwang ng Linggo ng Palaspas ang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem ng Panginoong Hesus. Kami po ay humihingi ng Banal Mong pamamatnubay at pangunguna sa aming pananambahan. Nawa po ang Inyong Banal na Espiritu na manahan sa amin upang ang aming pagpupuri at pasasalamat ay maialay namin sa Inyo na may pagpapakumbaba at sambahin namin kayo sa Espiritu at Katotohanan upang ang mensahe sa umagang ito ay magdulot sa amin ng pagbabago at maging matagumpay ang pagpasok ng Panginoong Hesus sa aming buhay sa matamis na pangalan ni Hesus. Amen”

Sa buhay at ministryo ng ating Panginoong Hesus sa Kanyang mga paglalakbay sa iba't-ibang dako kasama ang Kanyang mga alagad kadalasan sila ay naglalakad lamang at pagminsan ay nagsakay sa bangka. Upang ipangaral at ipakilala ang Diyos na magbibigay ng kaligtasan sa buong Sanglibutan. Sa paglalakbay ng ating Panginoong Jesus patungo sa Jerusalem kasama ng kanyang mga alagad ay nagdulot ng isang makabuluhang mensahe sa ating buhay bilang mga mananampalatayang Kristyano. Sa mga talatang ating binasa, sinasabi na sa habang papalapit na sila sa Betfage at Betania sa bundok na kung tawagin ay bundok ng mga olibo ay inutusan niya ang kanyang dalawang mga alagad na umuna sa kanila sa sunod na nayon at makikita nila ang isang bisirong asno upang ito ay kunin at dalhin kay Hesus para kanya itong masakyan pagpasok sa Jerusalem. Sa Kanyang pagpasok, ang mga tao naman ay kumuha ng mga palaspas at inilatag nila ang kanilang mga balabal sa daraanan ng Panginoon. Sumigaw sila, “Purihin ang Hari na dumarating sa Pangalan ng Panginoon! Kapayapaan sa langit! Purihin ang Diyos!” Ganoon na lamang ang kagalakan at pagpupuri ng lahat sa Kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem.

Mga kapatid, bakit kaya isang bisirong asno ang pinakuha ng ating Panginoon para Kanyang sakyan? Bakit hindi isang kabayo na malakas at matibay sa paglalakbay? Maari nating masabi mga kapatid na ang kabayo ay sumasagisag sa malalakas at makapangyarihan lalo na sa panahon ng ating Panginoong Hesus. Kabayo ang simbolo ng digmaan. Kaya marahil hindi pinili ni Hesus na sumakay sa kabayo ay sapagkat Siya ang sumasagisag sa Hari ng Kapayapaan at Mapagkumbaba na nagdadala ng pagkakasundo at pag-ibig at hindi digmaan dito sa daigdig. (Zacarias 9:9-10) At ang palaspas ay sagisag ng isang tagumpay at pagpupugay. Ito ay nagpapakita ng katagumpayan ng pagmamalasakit ng Diyos sa sanglibutan upang sa Kanyang kahabagan ay magkaroon ng payak na kaligtasan ang sanglibutan (Juan 3:16)

Kaya nga mga kapatid, ang matagumpay na pagpasok ng ating Panginoong Hesus sa Jerusalem ay nagsilbi ring tagumpay para sa atin bilang mananampalataya bilang isang bagong Jerusalem. Ang naging paglalakbay ni Hesus patungo sa Jerusalem ay siya rin nating paglalakbay patungo sa Kanya. Nawa ay maging matagumpay din ang pagpasok ni Hesus sa bawat tahanan at puso ng bawat isa. Ang Kanyang pagpasok ay magbigay sa atin ng patuloy na pagbabago at panibagong buhay na naglilingkod sa ating Diyos at kapwa. Ang pagdiriwang na ito ay magbigay sa atin ng malinaw na direksyon sa buhay na nagmamahal, nagtatapat, nagpapakumbaba, nagiging makatarungan, at nagtatapat sa paglilingkod. Huwag nating paghinawaan ang pagsigaw ng pagpupuri at pagpapasalamat sa Panginoong Hesus na nagtagumpay. Bilang Bagong Jerusalem, maging isang bagong mananampalataya tayo na palaging may kahandaan sa pagtawag ng Diyos sa nagbabagong panahon. Sa pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo, Amen

++++
Ang Liturhiya at Mensahe ay inihanda ni Rev. Gilbert L. Suarez, Kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Tiaong, Quezon. Siya rin ang Komisioner ng CCRO ng STC at Pangulo ng STC UCWO

LITURHIYA SA PAGDIRIWANG NG HUWEBES SANTO
(PAGHUHUGAS NG PAA AT HULING HAPUNAN)
MARSO 29,2018

SALITA NG PAGNINILAY

God, Thy will is hard, but You hold every card,
I will drink your cup of poison, nail me to the cross,
And break me, bleed me, kill me, take me now
Before I change my mind.

(from musicale, "Jesus Christ superstar)

(+Sa ganitong tanda, tatayo ang lahat)

PAMBUNGAD NA TUGTUGIN

+ AWIT NG PAGPUPURI

PURIHIN, PURIHIN MASP#215

Purihin, purihin, purihin! Sa Panginoon ang lahat ang puri at lakas sa pag-ibig tayo'y batbat ng Dios na Trinidad. Purihin sa awit natin ang puspos ng galing, sa Dios dangal ang dangal ihain kaylan pa man, Amen. Sa Dios dangal ang ihain, purihin, purihin sa Dios dangal ang ihain kaylan pa man. Amen.

+ TAWAG SA PAGSAMBA:

Patnugot: Magalak kayo sambahayan ng Diyos! Ipagdiwang ang buhay, at ang Kanyang presensiya sa ating kalagitnaan.

Kapulungan: Buksan ang aming mga mata, upang ang kasalukuyan ay magkaroon ng kahulugan, at ang bukas ay isang nagniningning na pag-asa.

Patnugot: Magalak kayo sambahayan ng Diyos! Yumukod sa harapan Niya, na siya nating karunungan at kalakasan.

Lahat: Inilalapit naming ang aming sarili sa iyong harapan! Upang kami ay iyong hipuin at linisin, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ng Diyos.

+ IMBOKASYON

PATNUGOT

+TUGONG AWITIN:

"A MIGHTY FORTRESS IS OUR GOD"

HFJ # 23

A mighty Fortress is our God, A Bulwark never failing;
Our Helper He amid the flood Of mortal ills prevailing:
For still our ancient foe Doth seek to work us woe;

His craft and power are great, And, armed with cruel hate, On earth is not his equal.

TAWAG SA PAGSISISI: (sa pamamagitan ng awit)

Search me O God

HFJ # 216

Search me O God, and know my heart today, Try me O Savior,
Know my thoughts I pray. See if there be, some wicked way in me;
Cleanse me from every sin and set me free.

I praise You Lord, for cleansing me from sin; Fulfill your Word and
Make me pure within. Fill me with fire, where once I burn in shame,
Grant my desire to magnify your name.

SALITA NG KAPANATAGAN

PASTOR

MGA BALITA AT MALASAKIT NG IGLESIYA

PANALANGING PASTORAL

TUGONG AWIT: "O Kay Buti" (God is so Good)

O KAY BUTI, O KAY BUTI, O KAY BUTI NG DIYOS SA AKIN.

ANG SAMO KO'Y DINIDINIG, O KAY BUTI NG DIYOS SA AKIN. Amen.

PAGBASANG TUGUNAN

EXODO 12 : 11-17

Pagkatapos ng Pagbasa ang Hapag ay tatakpan ng tela

+PAGBASA SA BATAYANG TEKSTO

Markus 14 : 3-9

Juan 13 : 1-10

MENSAHE NG AWIT

MENSAHE NG BUHAY

(people in silence)

ANG RITUAL NG PAGHUHUGAS NG PAA

(ang lalagyan ng tubig ay ilalagay sa paanan ng Dulang)

BABASAHIN : Juan 13 : 12-17 bago magsimula ang ritual

(habang isinasagawa ang ritual ay tutugtugin ng Organista ang HFJ # 161 ng malumanay)

PANALANGIN

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Ang tumatanggap sa mga utos Ko at tumutupad nito ang siyang umiibig sa akin. Ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama; iibigin ko rin siya, at ako'y lubusang magpapakilala sa Kanya.

TAYO AY MAGSIPAGHANDOG.

DOKSOLOHIYA AT PASASALAMAT

BANAL NA HAPUNAN

AWIT NG PAGHAHANDA

"LET US BREAK BREAD TOGETHER"

HFJ # 258

Let us break bread together on our knees, Let us break bread together
On our knees. When I fall on my knees with my face to the rising sun,
O Lord have mercy on me.

Let us drink wine together on our knees, Let us drink wine together
On our knees. When I fall on my knees with my face to the rising sun,
O Lord have mercy on me.

Let us praise God together on our knees, Let us praise God together
On our knees, When I fall on my knees with my face to the rising sun,

O Lord have mercy on me.

PAGSASALO AT PASASALAMAT

AWIT NG PAGTATALAGA:

“LIFE OF THE WORLD”

HFJ # 240

Life of the world, and God's beloved Son,
Jesus the Christ, in whom we are all one.
One body we, one spirit and one call.
One Mighty God, above and in us all.

Behold your people in this desp'rate day,
Suffring from war and want and sin decay,
Call us from death to your eternal life,
Grant us your peace, and end this night of stripe.

Life of the world, bestowed by God above,
Flow through our lives in loyalty and love.
Make known your grace to every needy one,
Your Kingdom come, your holy will be done.

+PANGWAKAS NA PANALANGIN AT PAGTATALAGA

+BENDISYON

+TATLONG AMEN

Pagninilay sa Panahon ng Huwebes Santo

Teksto : Markus 14:3-9 ; Juan 13: 1-10

Titulo : “Ang Larawan nang Dakilang Halimbawa”

PANIMULA;

Maraming magagandang bagay at pagpapala ang ating tinatangap sa araw-araw, maging sa kabila man ng kahirapan, ay nararanasan pa rin natin ang kagandahang loob ng Diyos. Unang una na, ay ang gumising tayo na malakas at masigla sa bawat araw. Sa lahat ng mga kabutihang ito, hindi natin maiwasang mag alala at matakot sa mga kalamidad na dumarating at dumaan sa atin.

Katulad ng malalakas na bagyo, pagyanig ng lupa, pagputok ng bulkan, na hindi mo lamang katatakutan, kundi naroon ang agam agam na magdulot ito ng karamdaman sa marami sa kabila ng pag-iingat.

May mga senaryo sa ganitong pagkakataon na magkaroon ng kakulangan ng supply ng pagkain sa mga lugar na naapektuhan ng anumang kalamidad. Makikita natin na ang mga tao ay nag-uunahan na maabutan ng tulong at nakalimutan na may mga bata, mga babae at matatanda na mahihina, ay napapag iwanan bagamat ang tulong ay nakalaan para sa lahat na dapat mapagkalooban. Ito ay nagpapahayag at nagpapakita na ang tao ay tumitingin lamang para sa kanyang sariling pangangailangan. Nakakalimutan na ang kanyang kapwa.

Ang mga inihalal nating lider ng bansa ay nagsusumikap sa pagtupad ng kanilang tungkulin at sa pagpapatupad ng batas upang maisaayos ang kalagayan ng ating bansa. Subalit kung kayo ay manonood ng kanilang mga talakayan, ano ang inyong mapapansin? Gayundin sa mapapanood sa mga balita ng telibisyon.

Naalala ko, na noong bata bata pa ako, ay hindi ako makapagtiyaga sa panonood ng kanilang talakayan, “I see it boring, less interesting and waste of time”, buti pa manood na lang ng tele serye. Ngayon, inoobliga ko ang aking sarili na manood upang makita ang bahagi ng kanilang gawain na tinutupad sa abot ng kanilang kakayanan, bagama’t maraming oras ang tumatakbo na parang nagpapataasan lamang ng kanilang kaalaman ang magkabilang panig at nauubos ang oras ng maghapon na walang nararating. Nakakalungkot isipin na sa ganitong tanawin ng manga gawain ng ating mga lider, anu kaya ang magiging hinaharap ng mga maliliit na bata ngayon.

Ano naman ang bahagi ng tungkulin ng Iglesia sa lumalalang kalagayan ng ating sambayanang Pilipino? Ng mga mananampalataya?

Ang Iglesia ba ay patuloy na gumagawa bilang asin at ilaw? Upang ang liwanag ni Kristo ay patuloy na magingning sa kadiliman at ang Kanyang mga Salita ay patuloy na nahahayag at maging asin na nagpapatibay sa mga buhay ng mananampalataya.

ANG BAWAT MANANAMPALATAYA BA AY NAKAHANDANG MAGHANDOG NG KANYANG PINAKAMATAAS NA PAGPAPAHAYAG NG PAG-IBIG AT PAGGALANG; UNA NA SA DIYOS, AT PANGALAWA SA KANYANG KAPWA.

Para kay Jesus, napakahalaga ng ginawa ng babae. Lubhang mahalaga ang bagay na ibinigay niya kay Jesus. Marahil ito ay isa ng kayamang maituturing.

GAYON ANG PAG-IBIG NI JESUS SA ATIN, nais Niya na ihandog natin sa Kanya ang pinakamahalaga sa atin. Katulad ng isang pabango, para Makita ang pakinabang nito ay kailangang gamitin, hindi lamang sa kapakinabangan ng may ari, kundi sa iba din na makakalanghap ng halimiyak nito.

Ang bawat isa sa atin ay kahalintulad ng “bote ng pabango”, binigyan tayo ng mga kaloob, kakayanan, at ari-arian, hindi para sarilinin lamang, kundi ibahagi din sa iba, para sila man ay makinabang din. Sapagkat kung tayo ay mamatay, hindi natin ito madadala.

Tayo ay tulad ng mga sisidlan, kapag nabasag tayo, saka lamang lalabas ang espiritung nasa atin, Kapag nabasag na ang ating pagiging palalo at makasarili, saka lamang natin maluluwalhati ang Diyos at tayo ay Kanyang kalulugdan, “sapagkat ang palalo ay Kanyang kinasusuklaman, ngunit kinagigiliwan ang may mababang kalooban.(Kaw 3:34)

Sa ating paggamit ng manga kaloob, kakayanan at ari-arian, maaring sabihin ng iba na sinasayang natin ito at ang ating buhay. Subalit, kung ginagamit natin ito para sa ikaluluwalhati ng Diyos, walang masasayang na anuman ang iniukol kay Jesus.

Maging sa alagad man ng Diyos, ay makikita natin ang mapagpaimbabaw na pagtingin sa paraan ng pagpapakita ng malasakit sa mga kapuspalad. Sapagkat mas binigyan nila ng halaga ang pansariling opinion at pagtulong sa mga dukha kaysa ipahayag ang pag-ibig sa Diyos.

Ito ang nakita ni Jesus sa babae. Bagamat hindi niya alam ang malalim na kahulugan ng kanyang ginawa, ito ay alam ni Jesus. Ang unang Dakilang utos ng Diyos ay nahayag sa ginawang ito ng babae. (Markus 12:30) “Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso, ng buong kaluluwa, ng buong pag-iisip, at ng buong lakas.”

Ginawa ng babae ang kanyang makakaya bilang paghahanda sa aking libing –wika ni Jesus. Alam ni Jesus na Siya ay papatayin na parang criminal at ang mga criminal ay hindi nabubuhusan ng pabango katulad ng tradisyon ng mga Hudyo. Ang pagbubuhus ng pabango sa bangkay ay ginagawa bago ito ilibing maliban sa mga criminal.

Hindi man alam ng babae ang kanyang ginawa, ito ay alam ni Jesus, kaya ipinangako Niyang saanman ipangaral ang Ebanghelyo ay mababanggit ang ginawa ng babaing iyon.

PAGTATAPOS:

Mga magulang at mga kapatid, ang ginawa ng babae ay hindi lamang kapahayagan ng pinakamataas na pagpapahayag ng pag-ibig at paggalang sa Diyos, kundi isang dakilang halimbawa ng mapagpakumbabang paglilingkod, kaakibat ang pinakamahalaga at mamahaling handog bilang pagkikila sa Diyos na Siya rin naman ang nagkaloob. Huwag nating panghinayangan ang anumang bagay na ating gagawin o ginawa para sa kapurihan Niya, sapagkat anuman ang ating ginawa at iniukol sa Diyos ay walang masasayang.

Maging si Jesus ay nagpakababa at hinubad ang Kanyang pagiging Diyos, ipinakitang hindi Siya naparito para paglilingkuran, kundi upang maglilingkod.

Ang paghugas ni Jesus sa paa ng mga alagad ay dakilang halimbawa ng mapagpakumbabang paglilingkod. Isang paraan upang makita ng mga tao na hindi nasusukat sa antas at kalalagayan ang tao upang magpakumbaba at dahil dito ang ang Diyos ay nalulugod.

WISH ba natin na malugod ang Diyos sa atin?

Kaya ba nating tularan ang halimbawa ng pagpapahalaga at paggalang na ipinakita ng babae sa mensahe, hindi man mapantayan ang halaga nito subalit naroon ang hangarin na pagsisikapang tularan.

Pagsisikapan ba natin na sa paghugas ng Diyos sa ating karumihan ay naroon ang pagkalinga sa ating kapwa at pag-ibig na mapaalalahan sila sa panahon na kailangan nila ang kapatid na magpapaalaala sapagkat sila ay nakakalimot.

Baunin ng bawat isa ang paalala ni Mikas (6:8) Itinuro na Niya saiyo O tao ang mabuti. Ito ang nais ni Yahweh, Maging makatarungan ka sa lahat ng bagay, patuloy mong ibigin ang iyong kapwa, at buong pagpapakumbabang sumunod saiyong Diyos.” AMEN.

+++++

Ang Naghanda ng Liturhiya at Mensahe ay ang Pastor Sarah Jean Gutierrez, siya ay kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Mauban, Mauban Quezon at Ministerial Student sa ETS Baguio City. Si Pastor Sarah ay kaanib ng Sunday School-VCS Committee ng STC

BIYERNES SANTO: ANG HULING PITONG WIKA

Marso 30, 2018

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

PAMBUNGAD NA TUGTUGIN

Pianista, Gitarista

(Tahimik na pagdidilidili, pagdako sa unahan ng mga Tagapagsalita, Patnugot at Pastor)

Mga Salita ng Pagdidili-dili :

The cross, truly an image of brutality, violence and of man's inhumanity, has become the sign of peace and love. The cross, an image of suffering, anguish and rejection, is the key to healing and restoration. The cross, an image of death and destruction, has become the gateway for us all into joy, life and life to the full. (Bible Alive)

AWIT NG PAGPUPURI

MASP # 257

SA BUROL AY MAYROONG KRUS

Sa burol ay mayroong natayong lumang krus Tanda ng hirap at pagsakop;
Yaong krus na pangit di ko malimot, Doon napako ang sinukob.

Koro : Ang krus ay mamahaling tunay, hanggang buhay ko ay pumanaw
Sa krus ay laging aagapay Nang kamtan ang putong ng buhay.

Yaong krus na lumang nilibak ng madla, May pang-akit na pambihira,
Langit ng l'walhati ay iniwang kusa, At sa kalbaryo'y nagdalita.

At sa krus na pangit ako ay kakapit, Sa kutya ay handang magtiis,
Ako ay dadalhin sa tahanang langit, Na tuwang walang kahulilip.

TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot : Ngayon ang dakilang araw na ang mayamang biyaya ng pagpapala ay dumadaloy sa ating buong Iglesia.

Kapulungan : Ngayon ang misteryo ng Krus ay muling mahahayag.

Patnugot : Ngayon, ang Krus, at hindi ang Banal na Hapunan ang sentro ng ating pagdiriwang sa araw na ito.

Kapulungan : Ngayon, Ang ating isip at panalangin ay nakatuon sa Krus ng kalbaryo.

Patnugot : Ngayon, ating itinataas, punapupurihan at sinasamba ng may kabanalan ang Krus na siyang nagligtas sa lahat ng kasamaan ng sandaigdigan.

Kapulungan : Ngayon, patuloy tayong hahayo upang sambahin ang krus.

Lahat : Yakapin natin ang Krus upang ipahayag ang ating pagmamahal at pananalig sa ating Panginoon. Ngayon, samasama nating tuklasin ang misteryong bumabalot sa buhay ng ating Panginoon duon sa Kalbaryo.

PANALANGIN

Patnugot

TUGUNANG PAGBASA

“ **BIYERNES SANTO** “

MASP # 45

+ GLORIA PATRI

Pagsasadula : Pagpasok ni Jesus pasan ang krus, habang hinahagupit ng mga sundalo at kinukutya ng mga tao, hanggang maipako sa krus . Mananatili si Jesus na nakapako sa krus.

UNANG WIKA

Si Jesus sa krus : “ Ama, patawarin mo sila sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.” (Lucas 23 : 34)

IKALAWANG WIKA

Si Jesus sa krus : “ Sinasabi ko sa iyo, Ngayon di'y isasama kita sa Paraiso,”
(Lucas 23: 43)

AWIT NG PAGNINILAY

Koro ng Iglesia

IKATLONG WIKA

Si Jesus sa krus : (lalapit sa unahan niya ang ina at ang alagad) ” Babae, narito ang iyong anak, narito ang iyong Ina.” Juan 19 : 26-27

IKA-APAT NA WIKA

Si Jesus sa krus : “ Diyos ko, Diyos ko, Bakit mo ako pinabayaan ? (Marcos 15 : 34)

AWIT NG PAGNINILAY

MASP # 194

KUNG MINAMASDAN KO ANG KRUS

Kung minamasdan ko ang krus, pinagpakuan kay Jesus
Kataasa'y natitipon, At pakinabang ko'y puspos.

Kaya O Dios, huwag tulutan Sa puso ko'y manirahan;
Madlang walang kabuluhan Kundi si Jesus na lamang.

Paa, kamay, ulo'y masdan Awa't dusa'y bumubukal,
Mahiwaganag nagagapay Koronang tinik ay yaman.

Akin man ang kalikasan Ay wala ring kabuluhan,
Sa Pag-ibig na dalisay Buhay ko ang Kailangan.

IKA LIMANG WIKA

Si Jesus sa krus : “ Nauuhaw Ako” (Juan 19 :21)

IKAANIM NA WIKA

Si Jesus sa Krus : “Naganap Na” (Juan 19 : 30)

IKAPITONG WIKA

Si Jesus sa krus : “ Ama, sa kamay Mo'y ipiangtatagubilin ko ang aking Espirito.”
(Lucas 23: 46)

TAWAG SA PAGHAHANDOG (Patnugot)

“ Mahal na dugo ang inihandog ng Diyos upang tayo'y tubusin sa ating mga kasalanan. Ihandog natin ang ating buhay at tinatangkilik bilang tugon sa kaniyang kadakilaan.

PAGLILIKOM NG KALOOB

+ **DOKSOLOHIYA**

+ **PANALANGIN NG PASASALAMAT**

AWIT NG PAGTATALAGA

MASP # 160

ALAALA

Sa puso ko'y may isang alalahanin, matamis na gunitain,
Alaalang sa Calbario ay nabitin, Puso N'ya'y nawasak dahil sa 'kin.

Koro : Gunita kay tamis, Gunita sa kalbaryo'y sa ki'y nagbabalik
Nang ako'y mawalay hinanap at magilw na niyakap, Yao'y gunitang walang kupas.

Lahat ng panahong sa aki'y lumipas, pinatawad Niyang lahat
Ang pag-ibig Niya'y pumawi ng sindak Buhay kong 'to'y binago Niyang lahat.

Walang makaagaw sa Panginoon kasalanan may lumambong,
Kalakasan ko S'ya sa buong panahon at ligtas sa lahat ng linggatong.

+ **PANALANGIN NG PAGTATALAGA**

+ **PAGPAPALANG APOSTOL**

+ **TATLONG AMEN**

+++++

Ang liturhiya ay inihanda ni Pastor Eulinda Isabel Velasco-Romero, kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Sta Rosa Church of Christ Disciples, Alaminos, Laguna. Siya ang kasalukuyang Auditor ng STC UCWO

**“AMA PATAWARIN MO SILA SAPAGKAT HINDI NILA NALALAMAN ANG
KANILANG GINAGAWA”**

Lucas 23:34

(Sermon Guide)

Ang Konsepto ng Pagpapatawad

Mahalaga na makita natin ang larawan ng kapatawaran ng Diyos sa unang wikang binanggit ni Hesus sa krus. Para sa mga Hudyo, ang paggawad ng Diyos ng kapatawaran ay isang mahalagang bagay sapagkat ito ang nagbibigay ng magandang ugnayan sa tipan na kanilang itinalaga sa Diyos. Ang pagsuway sa utos ng Diyos ay isang paglabag sa kasunduan. Para sa mga Propeta, ang pagsuway ay hindi lamang simpleng pag-”hindi” kundi may kinalaman ito sa mga paglabag sa kasunduan nila na mamuhay ng may kabanalan o katuwiran kaugnay ng kanilang kapwa. Ang tinututukoy dito ay matutunghayan sa mga pahayag nina Propeta Micas (Micas 3:8), Isaias (Isaias 1:17), Jeremias (Jeremias 6:13-15) atbp. Isa sa mga nais tingnan ng mga propeta sa kabanalan at pagsunod sa Diyos ay ang pagpapahalaga sa kanyang kapwa. Nangangahulugan na ang kabanalan ay nakaugat sa marubdob na pakikipag-ugnayan sa bawat isa at ang pagsalansang sa buhay ng kanyang kapwa ay maliwanag na paglabag sa Kalooban ng Diyos, at resulta nito ay ang pagkakaroon ng kasalanan sa Kanya.

Ang naging ministeryo ng ating Panginoong Hesus ay pagpapahayag ng isang pagtutuwid sa ugnayan ng Diyos at ng sanglibutan. Tandaan natin na sa pagka-Diyos ni Hesus nahayag ang pagkilos ng Diyos upang ipakita sa bawat isa ang tunay na esensya ng kapatawaran at ito ay ang magandang ugnayan sa Diyos at sa kapwa. Tandaan natin ang pag-ibig sa Diyos ay hindi nakahiwalay sa pag-ibig sa kapwa. Ang kapatawaran ng Diyos ang siyang humuhilom sa ugnayang nasira at nasugatan ng pagiging makasarili ng bawat isa. Ang tunay na ugnayan natin ay ang nakaugat sa pag-ibig, katarungan, at kapayapaan na inilatag ng Diyos sa simula pa lamang ng sangnilikha (Juan 1).

Sa ating Iglesya at pamayanan, makikita natin ang mukha ng nasirtang ugnayan sa bawat pakikitungo natin sa isa’t-isa. Nakakalungkot sapagkat ang kapatawaran na ipinagkaloob ng Diyos ay nagbubunga dapat ng pagkakasundo at hindi pagmamataas at pagkakanya-kanya. Sa ganitong aspeto ng buhay bilang mananampalataya, tayo ay tinatawagan ng ating Panginoon na muli nating kilalanin ang pagpapatawad na ipinagkaloob ng Diyos sa atin na natunghayan natin mula sa Krus ng kalbaryo at magkaroon ng isang bagong pananaw na hindi ang pagpatay o ang karahasan ng itinuturing nating kapangyarihan sa ngayon ang bunga ng kapatawaran kundi ang bagong buhay na ating nasaksihan naman sa muling pagkabuhay ni Kristo Hesus.

+++++

Isinulat ni DM Benilda Avenido-Romaraog, kasalukuyang CE Worker ng UCCP Sta. Rosa Church of Christ Disciples, Alaminos, Laguna

“SINASABI KO SA IYO, NGAYON DIN ISASAMA KITA SA PARAISO”

Lukas 23:42-43

May tatlong bagay na kamangha-manghang nangyari sa pagkapako ni Hesus sa krus. Una, ipinako si Hesus sa gitna ng dalawang makasalanan, bakit hindi pa sila pinagtabi pareho silang nagkasala? Sa Isaias 53:12 (basahin na lang) sinasabi na ito ang kaganapan ng propesiya pagkat kusang loob Niyang ibinigay ang sarili at nilasap ang kaparusahan ng masama, inako Niya ang mga makasalanan at idinalangin na sila’y patawarin. Saksi tayo kung paano nanuot sa puso ng isang talamak na makasalanan isang kriminal ang liwanang at init na naranasan nila sa krus. Si Dimas ang isa sa kasama ni Hesus na nakipagtunggali sa isang madugo at kahindik hindik na kamatayan. Nasa pagitan si Hesus ng dalawang makasalanan upang ang isa’y hamunin at kutyain si Hesus na ipakita ang Kanyang kapangyarihan na iligtas ang Kanyang sarili. Samantalang si Dimas sinabi niya “Hindi k aba natatakot sa Diyos? (Lucas 23:40) Sa huling sandal nakita ni Dimas ang kabaibahan niya kay Hesus. Ako ang dapat parusahan, ako ang nagkamali at makasalamam. Pero bakit si Hesus ang pinaparusahan gayong wala naman Siyang kasalanan? Hindi makatarungan ang paghihirap Niya, At sa kabila ng lahat, humiling siya ng kapatawaran para sa mga dumakip, tumadyak, humagupit, nag alimura, nagpako at sumuma sa Kanyang pagkatao. Ang Panginoon ay kumilos na bigyan ng pagkakataon ang dalawang makasalanan na iligtas. Ayon sa (2 Pedro 3:9) Alam Niya kung paano ililigtas ang sinumang tapat sa Kanya.

Ikalawa. Isang kamangha manghang pangyayari . Sinabi ni Dimas “Alalahanin mo ako pag naghahai ka na.” At sumagot si Hesus “Ngayon din’y isasama kita sa paraiso.”

Bigyan pansin natin ang sinasabi Niya sa krus. Tinanggap Niya n may takot siya sa Diyos, nagkasala, guilty at dapat tumanggap ng kaparusahan. Sa kanilang pag uusap nakita at naranasan na si Hesus ay maawain at mabait na Dios kaya madali niyang naibukas ang kanyang kalooban. Tama nga ang kasabihan “Hindi na kailangan ng mga milagro at pangitain upang maniwala at tanggaapin si Hesus na tagapagligtas at Panginoon.” Sa ating kapanahunan tila nalilimutan ng mga manaanampalataya ang tamanag pag uugali at pagsasabuhay ng aral ni Hesus.

Kasama natin si Hesus noon, ngayon at bukas. Naalaala kop o ang isang kwento na may pamagat na “I’ll always be your eyes” Si Sally Colin ay nabulag ng 13 taon, si Christopher na anak niya ang nagsilbing mata niya pero isang araw naaksidente si Christopher at nag aagaw buhay sa pagamutan. Sinabi ng doctor na maaaring idonate ang kanyang mga mata. Naging maayos ang operasyon ni Sally nawala ang sakit niyang kera to conus . Muli siyang nakakita , lumuha si Sally at naalala ang promise ng anak na I’ll never leave you and I’ll always be your

eyes. Ang nagmamahal kaylan man ay hindi humihiwalay bagkus gumagawa ng paraan upang ito’y makasama. “Love your enemies” start to forgive and forget.

Ikatlo pong kamangha manghang pangyayari . Ang kapangyarihan ng Panginoon na isama ang kasamahan niya sa krus sa kalangitan. Gusto po ba nating pumuntang langit? Ako’y naniniwala na ang langit ay para sa Kanyang mga anak , sa atin na makasalanan. From the book of Warren W. Wievsbe “There are three characteristics of this Salvation. It was wholly of grace, it was certain and secure, and it was personal. Jesus spoke to this man personally you see, God loves us personally.

The only difference between you and this thief is this –he got caught- you haven’t got caught yet, but one day you will. Trust the savior today!

In the name of the Father, the Son and the Holy Spirit. AMEN

++++
Isinulat ni DM Rosemarie Queano-Pornobi na kasalukuyang ECE at CE Worker ng UCCP
Magill Memorial Church, Lucena City at kaanib ng Liturgy and Music Committee ng STC

GINANG NARITO ANG IYONG ANAK, ANAK NARITO ANG IYONG INA

Juan 19:25-27

Ang pagiging isang ina ay hindi matatawaran ninoman. Madami sa ating kapatiran sa simbahan ang naging halimbawa nang kung papaano maging isang tunay na ina. Isa si Maria sa mga naging mabuting halimbawa ng isang ina mula pa sa pagkapili ng Diyos sa Kanya upang dalhin si Hesus sa sinapupunan hanggang sa mga sandaling naghihirap si Hesus sa kamay ng mga humatol sa Kanya na mamatay. Ang ganitong mga pangyayari ay masakit para sa isang ina, lalo na kung mawawalan ka ng isang anak. Sa Ikatlong Wika, nakita natin kung paano ang kapangyarihan ng pag-ibig sa isang magulang ang nanaig sa gitna ng napakapait na karanasan. Ang ating Panginoon mismo sa gitna ng kanyang pagtitiis ang nagpakita ng Kanyang pagmamahal sa isang magulang na nagpakita sa Kanya ng kagandahan at katotohanan ng buhay.

Bilang isang Ina, ang aking kapakanan ang dapat kong ihuli sapagkat uunahin ko muna ang kapanan ng aking mga anak. Ganyan ang ginawa ni Maria kay Hesus maging sa mga kapatid nito. Isang biyaya na magkaroon tayo ng lakas na kagaya ni Maria na matapos na palakihin si Hesus nang nag-iisa ay masasaksihan niya ang napakapait na yugto sa buhay ng kanyang anak. Mahal kong mga magulang at mga kapatid, ang tagpong ating nabasa sa ikatlong wika ni Hesus ay isa sa mga sinabi ni Simeon sa templo noong si Hesus ay italaga sa templo ayon sa kautusan ni Moises na “parang isang balaraw na tatarak sa puso ni Maria”. Ganunpaman, sa mata ni Maria, makikita natin na si Hesus ay napalaking isang mabuting anak at isang mabuting tao na tumulong sa kanyang kapwa ayon sa kanyang kakayanan. Hindi rin pinabayaan ng ating Panginoon na mangulila si Maria sapagkat ipinagkatiwala Niya sa kanyang isang alagad na malapit sa Kanya ang pangangalaga sa Kanyang ina.

Sa panahon natin ngayon, madaming magulang ang iniwan na lamang ng kanilang mga anak sa carehomes o inaabanduna sa mga home for the aged sapagkat hindi na nila kayang alagaan o kaya ay walang kakayanan na alagaan. Hindi ito ang nais ipakita sa atin ng Panginoon sapagkat ang mensahe ng Kanyang kamatayan ay mensahe ng pag-ibig sa sangkatauhan na nagpapalaya sa atin mula sa makasariling hangarin at pagpapasya bagkus tayo ay binibigyan ng bagong pang-unawa sa pag-ibig ni Hesus na nabuhos sa yugtong ito; at ito ay ang patuloy na pagkalinga sa ating mga ina, at sa mga anak, maraming salamat sa pagmamahal na inilalaan ninyo sa aming mga magulang. Amen

+++++

Isinulat ni DM Marie Dela Cruz-Laraquel, retiradong manggagawa mula sa UCCP Tiaong, Quezon

“DIYOS KO, DIYOS KO, BAKIT MO AKO PINABAYAAN”

Mateo 27:46

“Mula nga nang oras na ikaanim ay nagdilim sa ibabaw ng buong sangkalupaan hanggang sa oras na ikasiyam. At nang malapit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi: Eli, Eli, lama sabachthani? sa makatuwid baga'y, Dios ko, Dios ko bakit mo ako pinabayaan?” (Mateo 27:45-46).

Ang dalamhating sigaw ni Hesus ay nagpapakita ng katotohanan ng Trinidad, ang punong Diyos. Ang Diyos Ama ay tumalikod, habang ang Diyos Anak ay nagdala ng iyong mga kasalanan sa Krus. Sinasabi ng Bibliya:

“Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus” (I Ni Timoteo 2:5).

Sa unang dinig, ang Ika-apat na Huling Wika ni Jesus ay parang ungol ng isang taong larawan ng kawalang-pag-asa. Ngunit, ang katotohanan isang napakalalim na panalangin ito.

Pinabayaan ba talaga tayo ng Dios? Oh! Baka naman tayong mga nilalang nya ang nakalilimot. Naaalala lng natin sya kung tayo ay maraming pagsubok sa buhay. Sa mga pagsubok na ito ay nakakaranas tayong masaktan, masugatan, mahirapan, matakot at malito. Itong hinagpis na ito ay isang pagsubok upang tayo ay maging matatag. Ang PAGSUBOK ay bahagi ng isang mananampalataya. Ang PAGSUBOK ay nagbibigay ito sa atin ng katatagan at pundasyon ng ating pananampalataya. Ang PAGSUBOK ay nagbubunga ito ng kagalakan. Ayon sa Filipos 4:4-7 may limang mahahalagang salita ang sinasabi sa atin ng mga talata kung paano harapin ang pagsubok sa buhay.

1. “MAGALAK KAYO” (talatang 4) Ang isang Kristiyano ay puspos ng Banal na Espiritu. Pinagkaloob ito ng tayo ay tayo ay bautismuhan. Sapagkat ang kagalakan ay bunga ng Espiritu. Ang isang Kristiyano kapag nasa panahon ng paghihirap ay tulad siya ng isang babaing manganganak, na kapag malapit ng iluwal ang kanyang supling ay sakit at kahirapan ang kanyang mararanasan. Kapag nailuwal na niya ang kanyang supling ang kagalakan na ang kanyang madadama dahil nakita na niya ang biyaya ng Diyos. Wala na ang hirap pinalitan na ito ng kagalakan. Damdamin ng babaing manganganak ay pinaghalong hirap at kagalakan. Ganito din tayong mga Kristiyano kahit na nasa kahirapan nagagalak.

2. “IPADAMA ANG KAGANDAHANG LOOB” (talatang 5) Ipinapayo ng salitang ito na kahit na tayo ay nasa kahirapan ng buhay ay magpadama pa din tayo ng kagandahang loob at maging maayos tayong makitungo na nagpapakita ng kabutihan kahit na tayo ay may suliraning taglay. Isa itong mekanismo ng damdamin upang hindi tayo talunin ng pagsubok.

3. “HUWAG MABALISA SAANUMANG BAGAY” Ang salitang MABALISA ay nababagabag, nag-aalala o naguguluhan. Ang isang tao na may ganitong damdamin ay may suliranin. Totoong maraming alalahanin tayong nararanasan subalit pinayuhan tayo sa Mateo 6:31-34 na ang buod ng talata ay “Huwag kayong mabalisa sapagkat alam ng Diyos ang bawat suliranin natin”

4. “MANALANGIN” Tuwing makakaranas tayo ng PAGSUBOK. Ang pinakamabisang sandata ay PANALANGIN sa Diyos. Panalangin ang makakapagbigay ng kagaanan ng ating mga pagsubok sa buhay.

5. “MAY PASASALAMAT” Kung may PAGSUBOK tayong nararanasan ngayon, dapat magpasalamat pa din tayo sa Diyos. Ang mga PAGSUBOK na ating dinadanas ngayon ay hindi dapat tingnan natin na ito ay masama o malas kundi ito ay mga pagpapala o “blessing in disguise” pagpapalang nakamaskara. Pangit sa panlabas pero may magandang loob.

Ating tandaan sa bawat PAGSUBOK ay may nagagawang kabutihan. Kapag nakararanas tayo ng pagdidisiplina ng Diyos sa pamamagitan ng pagsubok, dapat tayong magalak at magpasalamat dahil ang ibig sabihin noon ay hindi pa tayo kinalilimutan ng Diyos, napapansin pa niya tayo at hindi pa Niya tayo talaga pinababayaan. Sa halip, kapag may taong sumisigaw ng “Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo ako pinabayaan” at ang sigaw na yaon ay nagmumula sa kawalang-pag-asa, malamang hindi Diyos ang nagpabaya sa taong iyon kundi ang kanyang kapwa-tao rin.

Sa pangwakas tayo po ay manalangin: PANGINOON SALAMAT SA MGA BIYAYA NA IPINAGKALOOB NINYO SA AMIN PANGIT MAN O MAGANDA. PANGINOON SALAMAT SA MGA PAGSUBOK NA IPINANGLOOB MO DAHIL NATUTO KAMI AT NAUUNAWAAN NAMIN ANG IYONGKAPANGYARIHAN. AMEN.

++++
Isinulat ni Ptr. Nerisa Gube-Pastrana, kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Arawan, San Antonio, Quezon at kasalukuyang Tagapangulo ng Sunday School-VCS Committee ng STC

“NAUUHAW AKO”

Juan 19:28

Magandang araw po ating Lahat ang ikalimang wika ay masasabi nating larawan ng pagiging tunay na Tao. Isa itong pangnungusap ng ating Panginoon Jesus na may kinalaman patungkol sa Kanyang sarili. Mula nang dakipin si Jesus ay sinimulan na ang kaniyang kalabaryo sa pamamagitan ng mga matinding palo ng latigo sa kanyang katawan habang siya'y naglalakad na pasan niya ang napakabigat na krus mula sa bayan patungong golgota. Isama pa natin ang pagdaan sa mabato at paahong daanan at ang matinding sikat ng araw. Makikita din natin ang mga tao sa magkabilang bahagi ng daraanan na Kanyang nilalakaran na hindi mo maintindihan kung nakikismpatya o gusto lamang manood. Lalo ding mahirap ang kanyang kalagayan sa makipot na kalye na tinawag ngayong “Via Dolorosa”. Ang isang ordinaryong tao ay posibleng mamatay sa ganitong kalagayan ng paghihirap kaya hindi napagtakataka na sobrang uhaw ang Kanyang naransan sa tindi ng hirap.

Sa Kayang pag sambit sa wikang ito ay ipinakita ang isang mahalagang larawan; ang Kanyang pagiging tunay na tao.

1. Siya ay Nauhaw sa tunay na tubig

Ang tanging ipininom kay Jesus Mula nang siya dakpin ay alak na hinaluan ng mira .ito ay isang uri ng inumin na ipinainom sa mga ipapako sa krus .Ngunit ito ay kanyang tinaggihan. Ang alak ay pangtanggap ng hapdi at ang mira ay isang uri ng bunga na mabango at dinudurog ngunit napakapait ng lasa. Ito ay pang anesthesia upang hindi maramdaman ang kirot at hapdi ng sugat sa katawan.

Kaya ito tinanggihan ni Jesus (Marcos 15:23) dahil hindi kailangan ang pampaghinhawa laban sa sakit at kirot o hapdi. Nais niyang maramdaman ang kasukdulan at kapuspusan ng paghihirap sapagkat ito ang dahilan ng Kanyang pagparito sa sanlibutan ang makiisa sa paghihirap at pasakit ng kasalanan na nadarama ng buong sangnilikha. Nauuhaw Siya dahil sa kalupitan ng mundo at nauuhaw sa katarungan na bigay ng Diyos na gaya ng Tubig na nagbibigay buhay.

2. Bagamat Siya ay Nauuhaw sa Ating Pag-big at paglilingkod

Bagamat siya ay nauuhaw ng literal na tubig, hindi lamang siya humingi ng tubig upang maibsan ang kanyang uhaw, maaring ang kanyang uhaw ay sa ibang bagay na mahirap pawiin o alisin sapagkat hindi Niya pipilitin ang mga tao na sumampalataya at magmahal at maglingkod sa Kanya.

Lumuha si Jesus dahil sa kawalan ng pananamapalataya ng mga tao sa Kanya ,lalo't higit ang pagtangga ng mga tao sa Kanya, sa Kanyang sarili ng Bayan. At hanggang

sangayon, si Jesus ay patuloy ang panawagan sa bawat isa. Sa Mateo 11:28-30, ang Kanyang panawagan ay “Magsiparito sa akin kayong lahat na nangapapagal at nanagbibigatang lubha , at kayo ‘y aking papagapapahingahin ,pasanin ninyo ang aking pamatok at magaral kayo sa akin sapagkat akoy maamo at may mapagpakumbang puso, at masusumpuungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa sapagkat malambot ang aking pamatok at magaaan ang aking pasan.”

Nauuhawa si sa ating Paglilingkod

Ayon sa Sulat ni Pablo sa mga Taga-Roma 12:1, “ Kaya nga mga kapatid, ipinamamanahik ko sa inyo , alang-alang sa mga kahabagan ng Dios , na inyong iiharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay banal na kakayaaaya sa Dios na siya ninyo ng karampatang pagsamba.” Ang nakakalungkot na katotohanan na maliit na bahagi lamang ang panahon ng tao ang inuukol niya para sa Diyos lalo na sa larangan ng pagsamba. Ayong sa survey ng isang evangelical denomination, Sa buong buhay ng isang tao na tumatagal ng 75 taon, ganito niya ginugugol ang kanyang buhay: 6 na taon sa pagkain; 10 taon sa pagtatatrabaho; 23 taon sa pagtulog; 6 buwan sa pagsamba at minsan pa ay KBL ito “Kasal binyag libing” ang pagpunta sa simbahan, ito nagpapakita na ang Diyos ay inilalagay ng tao sa pinakamababang pagpapapahalaga sa kayang buhay. Nauuhaw si Jesus sa ating paglalaan ng panahon. Kapag may sakit tayo at may problema, naaalaala natin ang Diyos. May talento tayo pero kadalasan kapag retirado na tayo doon lang natin ibinigay ang ating talento. May Tinatangkilik tayo kapag may sobra sa ating mga luho sa buhay saka lamang magbibigay. Ito ang mga dahilan ng pag kauhaw Niya sa atin ngayon kapanahunan.

Ngunit ang Diyos ay sagana sa biyaya sa atin, buhay, lakas, at talento. Kaya naman, hindi lamang tayo magbigay ng ikasampung bahagi sabi ng Diyos, “subukin mong ibigay sa akin at ikasampung bahagi ng tinatangkilik at bubuksan ang Diyos ang durungawan ng langit...” ang tubig na papatid ng uhaw sa bawat isa, at mararansan natin ang kanya pangako na buhay na ganap at siya siya , handa ka ba na alisin ang pagkauhaw ng ating Panginoon Jesus at maging ang uhaw natin? Sa Pangalan ng Ama Anak at Epiritu Santo. Amen.

++++
Isinulat ni Rev. Ireneo A. Manalo, kasalukuyang Deputy Conference Minister ng STC at Tagapamahalang Pastor ng UCCP San Rafael Church of Christ Disciples, San Pablo City

“NAGANAP NA”

Juan 19:30

Panimula

Marami sa atin na manonood ng isang pelikula o isang palabas ay nagnanais na ang bawat kuwento ay matapos sa magandang pagtatapos. Para sa mga alagad ng ating Panginoon, maaring hindi ito ang magandang pagtatapos, ang kamatayan Niya sa krus. Marami ang nagnais na sa Kanyang pamumuhay ay itatag Niya ang Kaharian ng Diyos at magkaroon ng mabilisang pagbabago. Sa halip, ang kanilang Pinuno, ang kanilang Guro at Panginoon ay nalagutan ng hininga sa Krus. Ang nakakalungkot pa nito dahil sa takot ay hindi nila nasamahan man lamang si Hesus sa pangyayaring iyon maliban sa mga babaeng alagad at isang alagad na pinakamamahal (binanggit sa ikatlong wika). Ganunpaman, ang lahat ay naganap na. Ano nga ba ang kaganapan na ito na sinasabi ng Panginoon? Halina at sama-sama natin na pagnilayan ang ikaanim na wika

Kaganapan ng Misyon

Marami ang nagsasabi na hindi pa tapos ang misyon ni Kristo sa sanglibutan sapagkat napakarami pa ng mga dapat ayusin hindi lamang sa kabuoan ng lipunan, maging sa loob ng simbahan na Kanyang katawan. Totoo na hindi pa tapos ang misyon ng ating Panginoon ngunit dapat nating pakatandaan na hindi na para kay Kristo na tapusin ito kundi para sa Kanyang mga alagad na sumunod sa kanya mula pa noong una hanggang sa ngayon. Sa Ebanghelyo ni Lucas, matutunghayan natin ang pag-akyat ni Hesus sa langit, hindi lamang basta nagpapahayag ng isang magandang kuwento ngunit nagpapahayag ito ng malaking implikasyon sa layunin ng buhay ng Iglesia. Ito ay ang isapamuhay ang Kanyang misyon na hindi pa natatapos. Tandaan natin na ang Ebanghelyo tungkol kay Hesu-Kristo ay nagpapaalala sa atin na ang bawat aral at bawat karanasan Niya dito sa lupa ay hindi pa dapat matapos. Bagaman ang Kanyang papel sa Kanyang kinamulang kasaysayan ay tapos na para sa Kanya, ang Kanyang mga alagad naman ang magpapatuloy nito dala ang patotoo na ang Kristong simasampalatayanan ng marami ay muling nabuhay at nagpapatuloy sa pamamagitan ng Kanyang mga tagasunod.

Ang Kaganapan ng Iglesia

Ang pagdiriwang natin ng Mahal na Araw, maging ng Kapaskuhan at iba pang liturhikal na pagdiriwang ay nagpapaalala sa atin na hindi pa tapos ang ating gawain para sa Misyon ni Kristo sapagkat ang kaganapan ng lahat ay sa panahong itinakda ng Diyos na Siya lamang ang nakakaalam. Sa ating panahon, ang paglalakbay patungo sa kaganapan ay ang pagharap natin sa mga katotohanan at reyalidad ng buhay. Hindi lamang ito nakapaloob sa gawain natin at suliranin na simbahan, bagkus ang usapin sa buhay ng mas malawak na pamayanan ay kaakibat

ng misyon na ito. Sa pagkakataong ito, makikita natin ang takbo ng buhay ng bawat isa na para bang masasabi nating mala “biyernes santo” o mas malma na sabihin na “mala-impverno”. Ganoon pa man, hindi pa tayo tapos at ang wikang ito ng ating Panginoon ang nagbibigay sa atin ng katiyakan na sa bandang huli ang kaganapan ng Sangsinukob ay mangyayari, hindi man ngayon pero sa panahon na itinakda ng Diyos.

Pagtatapos

Ang ating pananampalataya ay hinuhubog upang maging handa tayo sa pagtugon sa misyon ng Diyos. Ang panahon natin ngayon ay nagsasaad pa rin na kailangan nating kumilos kahit nasabi na ng ating Panginoon na “Naganap na”, sapagkat ang kaganapan ni Hesus sa ating buhay ang nag-uudyok sa atin na ipagpatuloy ang Misyon ng Diyos na ibahagi ang Mabuting Balita ng Kaligtasan sa mundo na kinakailangan pa rin ng pagpapatuloy ng Kanyang misyon. Amen

+++++

Isinulat ni Rev. Ammie Castillo-Sopranes, kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP First Evangelical Church, San Pablo City at Kasalukuyang kaanib ng Ministerial Formation Committee ng STC.

“AMA, SA KAMAY MO ITINATAGUBILIN KO ANG AKING KALULUWA”

Lucas 23:46

Ang ikapitong wika ng ating Panginoon ay nagpapalala sa atin na ang ating pinakaganapan ay sa Diyos lamang. Sa Diyos tayo lahat titindig upang tayo ay hatulan sa ating mga ginawa. Ang ginawa ni Hesus dito sa lupa, ang kanyang ministeryo, ay nagpakita ng marubdob na pagkilala sa Diyos na nagpapahayag ng pag-ibig, katarungan at kapayapaan sa Kanyang bayan. Ang pagsasabuhay ni Hesus ng mga aral ng mga propeta ang nagpakita sa atin na ang pananampalataya Niya sa Diyos na kumikilos sa lahat ng panahon. Hindi nawala sa ating Panginoon ang malalim na pagkaunawa sa Kanyang kinamulang pananampalataya. Hindi man ito nagustuhan ng mga saserdote at pariseo kung paano Niya isinasapamuhay ang Kanyang pananampalataya. Ganoonpaman, ang pananampalataya na ito ay nagdala sa Kanya sa hindi magandang karanasan sapagkat dito Siya inisakdal upang mamatay sa Krus. Sa kabila nitom, nakita pa rin natin si Hesus na hindi nawala ang Kanyang katiyakan sa Diyos

Ang mga aral na ito ang naghahatid sa atin na sa anumang sakripisyo ng buhay, naroon pa rin ang malalim na pag-ugat ng ating pananampalataya sa Diyos na umiibig at nagpapalaya sa atin. Ang Diyos na kumalinga sa mga ninuno ng ating pananampalataya ang Siyang magpala sa ating lahat sa pagtupad ng Kanyang misyon dito at sa huli, tayo ay may galak na haharap na may katiyakan sa Kanya. Amen

++++
Isinulat ni Ptr. Emelita Diomampo-Linga, Kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Sariaya, Quezon. Siya rin ang Tagapangulo ng Liturgy and Music Committee

**LITURHIYA AT GABAY NG MENSAHE PARA SA PAGDIRIWANG NG PASKO NG
PAGKABUHAY**

(Abril 1, 2018)

(Karaniwang ang Pagsamba sa Pagsalubong sa Pasko ng Pagkabuhay ay idinadaos sa madaling-araw at sa Labas o Outdoor/Open Air na lugar. Gumamit ng iba't-ibang mga instrumento para sa pagdiriwang, hal., tambol, trumpeta, pompiyang at iba pa, bilang pagsalubong sa Pasko ng Pagkabuhay)

“Because of the victory of the Cross, the joy of Easter is everyday!” Beverly Courrege

Sa pagsisimula ng pananambahan, ay magsindi ng Kandila at sandali ng pagninilay.

+Tawag sa Pagdiriwang at Pagsamba:

Patnugot – Halina at sama-sama nating puntahan ang libingang pinaglagyan kay Jesus!

Kapulungan – Hindi ba delikado? Pagkat maaari tayong pagbintangang subersibo tulad ng ating

Panginoong Jesus na pinagbintangang nanggugulo at lumalaban sa estado!

Patnugot – Mapanganib nga, ngunit si Jesu Kristo ang ating Panginoon at dapat nating

patunayan ang ating katapatan sa Kanya, tulad ng mga babae na nagtungo sa

Kanyang libingan!

Pastor: - Si Jesus na ipinako sa krus at inilibing ay Buhay! Tulad ng sinabi ng anghel, “Bakit

ninyo hinahanap ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala na siya rito----

siya’y muling nabuhay!”

Lahat – BUHAY ANG PANGINOONG JESUCRISTO! BUHAY ANG ATING
TAGAPAGLIGTAS, PURIHIN NATIN SIYA AT SAMBAHIN!!!

+ Himno ng Pagdiriwang/Pagpupuri - DOON SA LIBINGAN - MASP # 133

1. Doon sa libingan, ang Panginoon, Araw hinihintay, Sa pagbangon.

Koro: Nagbangon sa libingan, Sa kalaban S’ya’y nagtagumpay, At hinawi lahat ng kadiliman,

At nabuhay nang maghari kailanman, Libinga’y nilisan, Si Cristo ay nabuhay!!!

2. Nabigo ang bantay kay Cristong bangkay; ang tatak sa patay ay nasayang. (Koro)

3. Kamataya’y walang kapangyarihan, Inalis ang hadlang N’yang nabuhay. (Koro)

+Imbokasyon/Panalanging Pamanhik

+Tugong Awit ng lahat - SALAMAT O AKING JESUS -MASP # 246

SALAMAT O AKING JESUS, SA KALUL’WA KO’Y PAGTUBOS

SALAMAT SA PAGDUDULOT NG KALIGTASANG LAYA’T PUSPOS.

Sa bahaging ito ng Pagsamba at maaaring dito isagawa ang paghahanap ng EASTER EGG.

(maglaan ng ilang sandali, 15 – 20 minuto, pagkatapos ay anyayahan ang mga nakakuha

ng Easter Egg na dalhin ang mga ito sa unahan at magbigay ng pansariling kahulugan kung

anong ibig sabihin nito – ang Easter Egg)

Mga Balita at Malasakit

Pagkilala at Pagbabatian ng Kapatiran lalo na sa mga Panauhin o mga Kapatid na nanggaling sa ibang bayan! Sa saliw ng pag-aawitan ng: ALIVE, ALIVE, ALIVE FOREVERMORE!

“BUHAY, BUHAY, BUHAY KAILAN PA MAN, SI JESUS AY BUHAY, BUHAY KAILAN PA MAN, BUHAY, BUHAY, BUHAY KAILAN PA MAN, SI JESUS AY BUHAY KAILAN PA MAN. AWITIN NATIN ANG ALELUYA, SI JESUS AY BUHAY KAILAN PA MAN, AWITIN NATIN ANG ALELUYA, SI JESUS AY BUHAY!”

Panalangin Pastoral

Tugong Awit - koro ng himno, “HE LIVES”

He Lives, He lives, Christ Jesus lives today, He walks with and talks with me,
Along life’s narrow way, He lives, He lives, salvation to impart!
You ask me how I know He lives? He lives within my heart!

Litanya/Pagbasang Sagutan: (Halaw sa Awit 47)

Patnugot – Magdiwang ang lahat na mga nilikha, bilang pagpupuri sa Diyos na dakila!

Kapulungan – Ang Diyos na si Yahweh, Kataas-taasan, ay dakilang Haring dapat katakutan.

Patnugot – Siya’y naghahari sa sangkatauhan, Siya ang pumili ng ating tahanan.

Kalalakihan – Umakyat sa trono ang Panginoong Diyos, hatid ng trompetang malakas ang tunog.

Kababaihan – Masayang sigawan ang ipinansuob. Purihin ang Diyos!

Kabataan at mga Bata – Siya ay awitan, ating papurihan. Ang Diyos siyang hari ng lahat ng bansa, awita’t purihin ng mga nilikha!

Lahat – Maghahari siya sa lahat ng bansa, magmula sa tronong banal at dakila!

+ Gloria Dei/Patri

+Pagbasa sa Banal na Kasulatan

Tugong Awit ng Kapulungan - “ANG SALITA NG DIYOS”

Ang Salita ng Dios ay may sinag, Laging nagniningning ang bukas;

Kung sa kamay ng Dios ilalagak, Ang yaman na angkin at hirap.

Mensahe sa Awit – Chancel Choir o kaya’y ainumang maghahandog ng Awit

Mensahe sa Salita ng Buhay

+Ang Pagpapatibay ng Pananampalataya (sabay-sabay ang lahat sa isang bahagi ng

UCCP STATEMENT OF FAITH)

SUMASAMPALATAYA KAMI, na ang Pagkabuhay-na-Muli ng Panginoong JesuCristo

ay nagpapatunay na napagtagumpayan na ang kapangyarihan ng kamatayan at nagbigay katiyakan na mayroong buhay sa kabila ng kamatayan. At tumitingin kami sa Kanyang muling pagbabalik sa buong kaganapan at kaluwalhatian upang gawing bago ang lahat ng nilalang at tipunin ang lahat na mananampalatya sa Kanyang

Kaharian. Amen!

Ang Paghahandog/Paanyaya upang maghahandog

Patnugot – “Sa Diyos ko’t Panginoon, anong aking ihahandog, sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob? Ang handog ko sa dambana ay inumin na masarap, bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas. Sa tuwinang magtitipon ang lahat ng kanyang ang anumang pangako ko ay doon ko ibibigay.”

Paglikom ng mga Handog, sa pangangasiwa ng mga Deakono

+Doksolohiya at Panalangin ng Pasasalamat para sa mga Handog

Awit ng Pagtatalaga - pwedeng pumili ng anumang awit/himno na may kaugnayan sa Pagkabuhay-na-Muli. (hal. Himno # 144, 133, 55 at 49 o kaya ay, “BECAUSE HE LIVES”)

+Panalangin ng Pagtatalaga

+Pagpapalang Apostoliko/Banal na Bendisyon

+ Tatlong Amen o kaya ay SEVENFOLD AMEN

Masayang Pagbabatian at Pagsasalu-salo sa mga Pagkain, (Pot Luck) at iba pa!!!

oooooooo0000000oooooooo

Title: WHO WILL ROLL THE STONE AWAY?

Biblical verses: Mark 16: 1 – 8, emphasis is on verse 5

Intro/Panimula:

Tunay na ang mayamang kasaysayan ng Pasko ng Pagkabuhay ay may taglay na napakaraming mga katotohanan na ating makukuha, malalaman, at mauunawaan na makatutulong ng malaki sa pagsulong at pag-unlad ng ating buhay at pananampalataya. Isa sa mahalagang aral na ating matutuklasan sa tala ng Muling Pagkabuhay ng ating Panginoong JesuCristo ay ang talata o verse 5 ng ebanghelyo ni Marcos. Tanging siya, (Marcos) ang may ganitong paglalahad, kung saan nag-usap-usap ang mga babae habang sila’y patungo sa libingan, anila: “Sino kaya ang ating mapakikiusapang magpagulong ng batong nakatakip sa pintuan ng libingan?”

Mga kapatid, ang batong ito po ay isang simbolo ng malalaki o maliliit na problema na palagi nating kinakaharap sa araw-araw nating pamumuhay. Malimit din nating naitatanong, “Sino kaya ang ating mapakikiusapan, o sinong tutulong sa atin, o papaano na ang aking/ating gagawin?” at iba pa.

Tulad ng mga babaeng ito na may matibay, matatag at maalab na pananampalataya, pag-asa, at higit sa lahat, may marubdob na pag-ibig sa Diyos at sa Panginoong JesuCristo, na nagsipagpatuloy sa kabila ng kinaharap na problema, (ang malaking ‘Bato’), nagpahayag ang Diyos ng kanyang kahanga-hanga at kagila-gilalas na gawa!

Balik tanaw sa likod ng mga talata:

Batid natin na ang pinaglibingan kay Jesus ay isang natatanging libingan para sa mga mayayaman o may kaya, ang libingan ay higit pa sa isang mosoleyo (maosuleum). Datapawat ito'y pag-aari ni Joseng taga Arimatea, na isang mayaman at kaanib ng Sanedrin. (elaborate this). Ang ganoong libingan ay may pintuan na ang takip o panara ay isang bato. Tatandaan din na bukod sa malaki ang batong ito, ay ipinakiusap kay Pilato ng mga punong saserdote at mga Pariseo na pabantayang mabuti ang libingan...tingnan, Mateo 27: 62 -66

Kaya nga batid ng mga babae na tutungo sa libingan na may malaki silang problema upang gawin ang nararapat para sa isang namatay,. Subalit gaano man ang problemang ito, sila'y nagpatuloy, kaya't nadatnan nila at nasaksihan ang kagila-gilalas na pangyayari...nakabukas na at naigulong na ang batong nakatakip sa pintuan ng libingan!!!

Katawan ng Sermon:

Napakahalaga ng katotohanang ipinahahayag sa atin bilang mga Kristiyano at mga nag-aangking tagasunod ng ating Panginoong JesuCristo upang ating pagkunan ng aral at halimbawa ang namumukod-tanging pananampalataya at pag-ibig ng mga babaeng naturan!

Tayo'y may mga 'Bato' na nagiging balakid sa pagsunod natin sa ating Panginoon!

Halimbawa:

a) Mga 'Bato' na mabubuti at mahahalaga =

1. ang mga mamahaling bato, tulad ng mga Alahas, Brilyante/Diamante, Ruby, Topaz, Sapphire, Birthstones at iba pa;
2. pera, negosyo, pagpapayaman sa salapi, pag-aaral/pananaliksik para sa kapakanang pangsarili at pangpamilya!
3. pag-anib o pagsapi sa mga sibikong samahan at/o organisasyon, tulad ng Rotary, Lions, Free Masons, at iba pa

Ang mga ito, na nabanggit, (1, 2, 3), ay hindi masama pagkat para sa kabutihan, kagalingan at kaunlaran ng pangsarili at pangpamilyang buhay. Subalit kung ang mga ito ay nagiging balakid at hadlang sa pagiging alagad upang unahin natin ang ating Panginoong JesuCristo, ang mga ito ang magiging sanhi ng ating mga kabiguan sa pagiging tagasunod ng Diyos! (cf. Matt. 6: 24; Lk. 16: 13)

b) mga pasaning 'Bato' na nagpapabigat sa buhay =

1. problemang pangkalusugan, pangkaisipan, sikolohikal, moral at iba pa, tulad ng, pag-aalala, pagkabalisa, pagkatakot dahil sa sakit; bato sa bato, bato sa apdo, (kidney stones, gallstones, etc.), pusong bato, batugan!

2. mga 'Bato' na hindi nakikita pero nagpapabigat din sa buhay = hal., pagtanim ng galit, inggit, selos, tsismis, paghahatid-dumapit, (cf. Proverbs 16:28; 18:8,9; 20:19), pagbubulaan, sama-ng-loob, at iba pa.

Mga iba't-ibang uri ng 'Bato' na lubhang nagpapabigat at nagiging sagabal sa paglapit natin sa Panginoong Diyos, na hindi natin namamalayan, ni hindi natin sinasadya at wala sa ating hinagap o imahinasyon, ngunit nagiging mga batong balakid sa pagsasabuhay at pagbibigay ng buto at laman sa pananamplataya.

At kung sakali at ating nalaman, naramdaman at napatunayan ang hirap at sakit na idinudulot ng mga batong ito na tayo din ang may kagagawan, malulungkot, maghihinagpis tayo at daraing o tataghoy/tatangis at ating maibubulalas ang mga katagang, "Who will roll the stone/s away?" Sino ang magpapagulong o mag-aalis ng Bato?" (hindi po si 'Bato' de la Rosa ang tinutukoy...na tanging si Duterte lamang ang makapag-aalis sa kanya).

Walang ibang makagagawa ng kamangha-mangha at kagila-gilalas na mga gawa maliban sa ating Panginoong Diyos na banal, makapangyarihan at may pinakamatayog na karunungan. Ang pinaka-tampok at sukdulang kapahayagan at patotoo ay ang Kanyang Pagkakatawang-Tao at ang Kanyang Pangkabuhay-na-Muli na ngayo'y ating ipinagdiriwang sa diwa ng pagpupuri, pagpapasalamat at pagsamba sa espiritu at sa katotohanan!

Kaya nga, kung tayo'y nababagabag, punong-puno ng problema at mga sapin-saping suliranin sa buhay. Kung matapos nating gawin ang lahat na ating makakaya, kung makamtan natin ang mga matatayog na pangarap at ambisyon sa buhay na ito sa daigdig na ang dulot ay kawalang-katiyakan na naghahatid sa pagdurusa at kabiguan...

Sa ating impit/tahimik na pagtaghoy, pagtangis at pagdaing o kaya'y sa pagsusumigaw na may paghihinagpis dala ng mabigat na 'bato' o mabibigat na mga 'bato,' ay ating maibulalas ang mga katagang, "Sino kaya ang magpapagulong/magtatanggal ng mga bato na nagpapabigat sa ating mga dalahin sa buhay?"

Kapag ganito ang ating nararanasan, lubhang kailangang tayo'y magnilay-nilay at buong kapakumbabaang tayo'y manalangin at ulinigin natin ang malumanay na pananalita ng paanyaya ng Panginoong JesuCristo ng kanyang sabihin, "Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y pagpapahingahin ko. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at mag-aral kayo sa akin; ako'y maamo at mababang-loob, at makasusumpung kayo ng kapahingahan para sa inyong kaluluwa. Sapagkat maginhawang dalhin ang akin pamatok, at magaan ang pasaning ibibigay ko sa inyo." Mateo 11: 28-30

Opo mga kapatid, ito ang dakilang paanyaya sa ating lahat ng Nabuhay-na-Muli at NANANATILING BUHAY NA PANGINOON! Atin ngang muling pagtibayin ang pananampalataya natin sa Kanya. Ito ang panahong ukol, bakit tayo’y mapapatumpik-tumpik pa? Hwag na tayong mag-atubili ng paglapit sa Kanya, sapagkat Siya’y matamang naghihintay sa ating lahat.

Pagtatapos/Conclusion:

Ngayong ipinagdiriwang natin ang PASKO NG PAGKABUHAY, muli nating pagtibayin ang ating pananampalataya, buhayin ang ating pag-asa at papag-alabin ang ating pag-ibig sa Kanya at ating mapapatunayan na ang lahat na mga ‘Batong’ pabigat sa ating buhay na humahadlang sa pananampalataya ay Kanyang aalisin!

Kung magkakagayo’y mapatutunayan at ating din namang masasabi na, “...we are more than conquerors through Him who loved us!” sa patnubay ng Diwang Banal ng NABUBUHAY NA PANGINOONG JESUCRISTO, hahayo tayo at mamumuhay na may Kabanalan para sa Misyong, (Spirituality for Mission!), makikisalamuha at makikipagkapwa-tao sa lipunan na pinagsuguan sa atin ng Diyos na mayroong panibagong sigla at alab ng pananampalataya, matibay na pag-asa at nag-aalab sa pag-ibig na nagmumula kay JesuCristo, upang tayo’y mangakilala ng lahat na uri ng tao, na mabubuting katiwala sa sangnilikha ng Diyos, asin, ilaw ng sanglibutan at lebadura ng lipunan! Mga alagad at lingkod ng Panginoong JesuCristo na gumagawa ng may katarungan, umiibig sa kaawaan at lumalakad na may kapakumbabaan kasama ng Diyos!

Mabuhay at pagpalain tayo ng Diyos! Maligayang PASKO NG PAGKABUHAY!!!

Note/Pabatid:

Kinikilala po ng inyong abang lingkod ang mga kakayahan ng ng ating kapatiran sa Iglesia UCCP, kaya nga, sa aking personal na paniniwala ay ang naturang gabay na Sermon ay hindi dapat ituring na ito na ang kabuuan ng mensahe. Pairalin po natin ang mayamang imahinasyon at pagkamalikhain, pagkat bawat isa po ay binigyan at pinagkalooban ng ating Panginoong Diyos ng iba’t ibang kaloob. Kaya ipinapayo ko po na gamitin natin ang gabay subalit iangkop/iakma natin sa kalalagayan o sitwasyon na tutugon sa partikularidad ng ating mga Kongregasyon, sa madaling salita, gamitin natin at gawin ang sariling ‘diskarte’ sa larangan ng pamamahayag.

Maraming salamat po!

+++++

Inihanda ni Rev. Ronnie Saliendra, isang retiradong manggagawa at kasalukuyang Tagapamahalang Pastor ng UCCP Wakas, Tayabas City.

PASASALAMAT SA ATING MGA KAMANGGAGAWA NA NAGBIGAY NG PANAHOON
UPANG MATAPOS ANG LENT GUIDE 2018

REV. MARLOU ABEL D. RAMA
REV. GILBERT L. SUAREZ
PTR. SARAH JEAN GUTIERREZ
PTR. EULINDA VELASCO-ROMERO
DM BENILDA AVENIDO-ROMARAOG
DM ROSEMARIE QUEANO-PORNOBI
DM MARIE DELA CRUZ-LARAQUEL
PTR. NERISA GUBE-PASTRANA
REV. IRENEO A. MANALO
REV. AMMIE CASTILLO-SOPRANES
PTR. EMELITA DIOMAMPO-LINGA

TO GOD BE THE GLORY!

- COMMISSION ON CHRISTIAN EDUCATION AND NURTURE